# 1

"Cupid must be crazy!" natatawang nasabi ni Relena nang magkita sila ni Nathaniel at naungkat ang tungkol sa pagpapakasal ng kanyang pinsang si Jeric.

Magkaibigan ang pinsan niya at si Nathaniel. Batchmates silang tatlo noong high school.

"Nagulat nga rin ako nang ibalita niya sa akin ang tungkol sa plano niyang iyan," dagdag pa niya.

Matagal-tagal ding hindi sila nagkita ng kausap. Ngayon lang yata ito napadpad sa *MF Luder*, ang bookstore at giftshop kung saan siya ang Sales Manager. At tipong hindi pa rin yata ito nagbabago hanggang ngayon. Suplado pa rin ang dating nito at walang bahid ni konting ngiti ang mga labi.

"Ikaw," anito, "kelan ka naman mag-aasawa?"

Itinuro niya ang mukha. "Ako? Ni wala nga akong boyfriend, 'no? Paano naman kaya ako mag-aasawa?" Napalakas yata ang boses niya at napatingin sa dako nila si Daryll, ang may-ari ng *MF Luder*.

Hininaan niya ang boses nang muling nagsalita. “Kita na lang tayo sa *Gaile’s* mamaya,” aniya kay Nathaniel na ang tinutukoy ay ang restaurant kung saan gaganapin ang pormal na pagpapakilala ni Jeric sa mapapangasawa.

“Baka gusto mong sumabay sa akin, kung ayos lang sa ’yo ang umangkas sa motorsiklo ko,” suhestiyon ni Nathaniel.

“Sige,” sang-ayon niya. Tumingin siya sa wallclock. “Pero mamayang seven pa kami magsasara, Nathaniel.” Six-twenty pa lang ng gabi. Sa isip niya, nakakahiya namang paghintayin ang lalaki. Buti naman sana kung close sila. The thing was, they were barely friends. Walang ibang malapit na kaibigan si Nathaniel Guevarra kundi ang pinsan niyang si Jeric. “Mauna ka na lang kaya?”

“Hihintayin kita sa labas,” desisyon naman nito. Medyo nagulat pa siya nang ilapit nito ang mukha sa kanya at bumulong, “Ang angas ng tingin sa akin ng boss mo.”

Napangiti si Relena at nagpilit huwag tingnan si Daryll upang alamin kung totoo nga ang sinabi ni Nathaniel.

Malapit sa kanya si Daryll ngunit ayaw niyang

bigyan ng romantikong nosyon iyon. The guy just simply liked her. In fact, everybody liked her!

Pamangkin si Daryll ng asawa ng kanyang tiyahin. Nang itayo nito ang *MF Luder* four years ago ay siya ang inirekomenda ng uncle nito na kuning Sales Manager. Iniwan niya noon ang trabaho bilang Sales Supervisor sa isang boutique at tinanggap ang offer ni Daryll.

Hindi naman nagsisisi si Daryll sa pagkuha kay Relena. Mabilis kasi siyang matuto sa trabaho. She was naturally smart and amiable. At kayang-kaya niyang pamahalaan ang buong store even without the direct supervision of the owner.

Ngayon nga ay lumalawak na ang franchise ng *MF Luder* sa rehiyon.

Lumapit kay Relena si Daryll pagkalabas ni Nathaniel. “May date ka yata,” nakangiting sabi nito.

“Kakain lang kami sa labas kasama ang pinsan ko at ang fiancée niya.”

“Double date?” tudyo nito.

“Naku, hindi!” tanggi niya. Mabilis niyang ipinaliwanag ang sitwasyon.

Tumango lang si Daryll. “O, eh, ba’t di ka pa

umalis? Gabi na, Rena."

"Mamaya na lang pagkasara natin."

Maliksing gumawi ang lalaki sa likuran niya at hinawakan siya nito sa magkabilang-balikat. "Ano ka ba naman, Rena." Marahan siya nitong itinulak. "Masyado kang workaholic. Nakakalimutan mo na yatang boss ka rin dito."

"P-pero…" Hindi siya makapalag.

Tumigil sila sa tapat ng mga lockers.

"Go get your stuff now, lady," ani Daryll. "And next time, kung may date ka, hindi mo na kailangang i-schedule pa iyon sa day-off mo. You may go out on dates any time or day you want. Promise, walang bawas 'yun sa sweldo mo," nakangiting sabi ni Daryll.

---

Hanggang ngayon ay hindi pa rin makapaniwala si Nathaniel sa kapalaran ng kaibigang si Jeric.

Isang linggo na ang lumipas mula nang tumawag ito sa kanya at ibalita na uuwi ito sa San Mateo at magpapakasal na nga sa babaeng nagngangalang Aleli.

Hindi talaga siya makapaniwala sa pagsuong ni Jeric sa marriage sa edad na beinte y siete. Parang kailan lang noong sabay pa sila nitong lumuwas ng Maynila upang doon mag-aral ng college.

Nakapagtapos siya ng Marketing samantalang si Jeric ay umabot lamang sa third year ng kursong Commerce. Tinamad na kasi itong mag-aral nang makapagtrabaho bilang bartender sa isang five-star hotel and restaurant. Doon pa rin ito nagtatrabaho hanggang ngayon.

Matapos siyang maka-graduate ay tinulungan na niya ang kanyang pamilya sa pagpapatakbo ng dalawang negosyo nila. At sa pagkamatay ng kanilang ama sa heart attack two years ago ay sa kanya na naiatang ang pamamahala sa *Extreme*, isang sports and hobbies shop sa kanilang probinsya. Ang Kuya William naman niya ang nagma-manage ng kanilang welding shop. Nang nakapag-asawa naman ang kanilang Ate Natalie ay hindi na ito nakialam sa pamamahala ng kanilang mga businesses. Tinutulungan na kasi nito ang mister sa pag-aasikaso sa malaki nitong farm sa La Union.

Dati-rati, kapag hindi siya gaanong busy sa kanyang trabaho ay madalas siyang lumuwas ng Maynila para gumimik kasama ni Jeric. Most of the

time, they would end up sleeping with women they met at the bar.

Ganoon nga silang dalawa ng kaibigan niya. Gimik dito, flings doon. They were never into serious relationships kaya lubhang nagulat siya sa balitang magpapakasal na nga ito.

---

Vamp. Iyon ang first impression ni Nathaniel pagkakita sa ipinakilalang fiancée ni Jeric.

She wore her hair very short. Naka-tube top ito na pula at skinny jeans. She was not that tall, but she was curvaceous and hell, pagkalaki-laki ng hinaharap!

"Oh! So you are Nathaniel!" parang namamangha pa nitong bati sa kanya. Nakipagbeso-beso ito sa kanya na siya ring ginawa nito kay Relena pagkatapos. "Jeric, now I believe you," baling nito sa hilaw na mister. "Lahi nga kayo ng magaganda!" anito na nakangiting pinasadahan ng tingin si Relena.

Sa kalagitnaan ng dinner nilang apat ay napag-alaman din niyang hindi lang looks mayroon si Aleli. She was also smart. Prangka din itong magsalita ngunit hindi naman garapal.

"Gusto kong isa ka sa mga bridesmaids ko, Rena," ani Aleli.

At bago pa nakapiyok si Relena ay bumulanghit na ng tawa si Jeric. "Always a bridesmaid but never a bride!"

Tinampal naman ito ni Aleli sa braso.

"Joke!" bawi naman ng lalaki sa sinabi at nag-peace sign pa.

Ngunit tama naman si Jeric kung tutuusin.

Ilang kasalan na nga ba ang nasaksihan nito kung saan naging abay si Relena? Hindi na nito mabilang. Lahat na yata ng mga kaibigan ng dalaga ay ikinasal nang lahat. Naunahan pa nga itong makapag-asawa ng bunsong kapatid nito. Marami na rin sa mga pinsan nito ang lumagay na sa tahimik.

Tumikhim si Aleli. "Binabawi ko na ang sinasabi ko, Rena. I don't want you to be my bridesmaid anymore."

Parang nakahinga naman nang maluwag si Relena sa narinig. Sa totoo lang kasi ay sawa na siyang maging abay sa kasal. Lagi kasi siyang tampulan ng tukso. At lagi pang sa kanya ibinibigay ang bridal bouquet. Take note, ibinibigay, hindi inihahagis.

"You'll be my Maid of Honor."

Napaangat bigla ang ulo ni Relena mula sa kinakain. "W-what?"

"You heard me right. Ikaw na ang magiging Maid of Honor ko," panlilinaw ni Aleli.

"Pero, babes," singit ni Jeric. "Paano na ang kapatid mo?" tanong nito sa hilaw na misis.

"Ay, hayaan mo na 'yun. Doon na siya sa mga bridesmaids."

"O, paano na 'yan?" ani Jeric na tiningnan ang magkatabing Nathaniel at Relena. "Kayo na ang official Bestman at Maid of Honor namin, ha?"

Nanlumo si Relena. As if matutuwa naman siya sa pagpo-promote ni Aleli sa posisyon niya sa bridal entourage. But still, she reminded herself that Aleli was just being nice to her. Afterall, mismong kapatid pa nito ang walang kaabog-abog na pinapalitan nito sa puwesto ng Maid of Honor. And to think na ngayon lamang sila nagkitang dalawa.

"Paano nga pala kayo nakakilala?" pagbabago niya sa usapan. Oo na, Maid of Honor na siya, tapos. Lagi naman siyang madaling kausap, eh.

"Nagkakilala kami sa isang bar," sagot ni Aleli.

"Mabilis ang pangyayari," pilya pa nitong dugtong.

"We fell in love," dagdag naman ni Jeric.

Nagkatinginan sina Nathaniel at Relena. Kaagad nagkaintindihan ang mga mata nila. Hindi marunong ma-in love ang kilala nilang Jeric. Puson nito lagi ang pinapagana pagdating sa mga babae.

"Matanong nga kita, Aleli," ani Relena. "Ano ba'ng nagustuhan mo sa pinsan kong 'yan?"

"His sense of humor," nakatawang sagot naman ng babae. "Sa lahat kasi ng mga nakarelasyon ko'y tanging si Jeric lamang ang nakakapagpatawa sa akin."

Ngumiti siya. "Talaga lang, ha?"

"Uh-huh." Kumawit ito sa braso ni Jeric. "Hindi naman sa minamaliit ko ang trabaho niya, ha? But you know what, lahat ng former boyfriends ko'y mga nag-oopisina rin kagaya ko pero I never enjoyed their company. Marami kasi silang hang-ups sa buhay. Di gaya nitong si Jeric, laging magaan ang mundo sa kanya."

Natameme si Relena. Lalo na nang halikan ni Aleli sa lips ang pinsan niya sa mismong harapan nila ni Nathaniel.

Nangingiting yumuko siya at ipinagpatuloy na lang ang pagkain. Samantalang si Nathaniel naman ay mabilis na inubos ang malamig na tubig sa baso.

# 2

Dumating ang araw ng kasal nina Jeric at Aleli. Sa Maynila iyon ginanap at sa isang restaurant ang reception.

Katatapos lang ihagis ang bridal bouquet. At sa dami ng kadalagahang gustong makasalo niyon ay pinag-agawan iyon.

"Ikaw, kelan mo balak lumagay sa tahimik?" tanong ni Jeric kay Nathaniel. Tumabi ito ng upo sa kaibigan na tila nagmumukmok sa isang mesa sa sulok.

"Tahimik naman ang buhay ko," sagot ni Nathaniel. "Ikaw lang naman itong magulo!"

"Kidding aside, 'tol. Pero alam mo bang ang saya-saya ko ngayon?" seryosong sabi nito habang nagsasalin ng champagne sa isang kopita. "Akala ko noon, hindi ako aabot sa puntong ganito, na igi-give-up ko lahat ng mga kalokohan ko nang dahil sa isang babae."

Nailing siya. "Pero nagawa mo. At hindi pa rin ako makapaniwala hanggang ngayon."

“Mahal na mahal ko si Aleli. Sh*t! Totoo pala ang pag-ibig, ‘tol!”

Nag-toast ang dalawang lalaki.

“Mabalik ako sa tanong ko kanina,” ani Jeric. “Wala ka pa bang napupusuang iharap sa altar?”

Umiling lang siya dito.

“Eh, ano’ng pinaggagagawa mo sa halos isang taon nating hindi pagkikita? Ang buong akala ko pa nama’y may syota ka na sa San Mateo kaya ayaw mo nang sumamang gumimik sa akin dito.”

“Wala akong girlfriend,” diin ni Nathaniel. “Wala rin akong nililigawan.” Gusto rin sana niyang idagdag na hindi na rin active ang sex life niya ngunit baka kantiyawan lamang siya ng kaibigan.

“Bakit ba parang ilag ka sa posibilidad ng pag-ibig?”

Kumunot ang noo niya.

Nagpatuloy si Jeric. “O, baka naman kasi nakatali na ang puso mo?”

Inubos niya ang laman ng kopita.

“Hindi mo pa ba rin siya makalimutan, ‘tol?” pangungulit ni Jeric.

Sinalinan niya ng champagne ang kopita. “Sino?”

“Si Valerie Faye Deogracias.”

Hindi siya nakaimik kaagad. Nakadalawang lagok siya ng champagne bago muling nagsalita. “Wala akong gusto doon.”

“Sinungaling!” Ngumisi ito. “Tingnan mo nga’ng mukha mo, para kang teenager na nagba-blush!” anito na sinundan ng tawa.

“Epekto lang ito ng alkohol!” depensa niya. Tumayo siya at luminga-linga sa loob ng restaurant. “Nasaan na ang Maid of Honor?”

---

Nasa labas ng restaurant si Relena, nakaupo sa hood ng isa sa mga kotseng nakaparada sa parking lot. Sinadya niya kaninang takasan ang paghahagis ng bouquet ng bride. The whole damn thing was just making her sick.

“Bakit nandito ka sa labas?” Si Nathaniel.

Matabang siyang sumagot. “Dahil wala ako sa loob.”

Tumabi ang binata sa kanya. Hawak-hawak nito

ang hinubad na Barong Tagalog. Naka-tuck out na rin mula sa slacks nito ang puting undershirt nito.

Napapitlag siya nang hawakan ng lalaki ang lumalaylay na strap ng kanyang mauve gown at ibalik iyon sa ayos.

"You don't look so happy for your cousin," anito.

"Ano'ng gusto mong gawin ko? Magtatalon sa tuwa?"

Tila nagulat ito sa sinabi niya. "Antipatika ka rin pala."

*Sheesh!* palatak niya sa isip. Ang alam nga pala ng karamihan ay Miss Nice Girl siya. Para tuloy wala na siyang karapatang magdamdam, magalit o mainis man lamang.

She wanted to say sorry pero hindi niya ginawa. Sawa na siya sa pagiging apologetic. Eh, ano ngayon kung mainis si Nathaniel sa kanya? Hindi siya anghel, for crying out loud!

"Hinahanap ka ni Aleli kaninang hagisan ng bouquet."

Kumawala na ang kinikimkim niyang pagkainis. "Bakit ba napaka-big deal ng presence ko pagdating sa seremonyas na 'yan? Para tuloy napaka-abnormal

na'ng dating ng isang kagaya kong twenty-seven years old na hindi pa nakakaranas magka-boyfriend. God, this world sucks!"

He stared at her face with amusement in his eyes.

Tumahimik naman siya at tumingin na lang sa bilog na buwan.

"Gusto mong magka-boyrfriend?" pagkuwan ay tanong ni Nathaniel.

Nagbaba siya ng tingin. "Kung may gusto kang ireto sa akin, thank you na lang! I'm not interested."

"Bakit, ayaw mo ba sa akin, Relena?"

Napanganga siya bigla. Si Nathaniel Guevarra, inaalok ang sarili para maging boyrfriend niya? Tumingin siya dito. "Malakas din pala ang tama ng champagne, 'no?"

"Hindi ako lasing. Napag-isip-isip ko lang kasi… I mean, why don't we give it a try?"

"A-ang magkaroon ng relasyon? Ikaw at ako?" Parang hihimatayin yata siya. "Nahihibang ka na ba? Kailan mo naman naisip ang kabaliwang 'yan, ha?"

"Ngayon lang... nang magreklamo ka tungkol sa bouquet tossing ceremony," kaswal na sagot nito.

Napatayo si Relena bigla. "Ang kapal mo!" bulalas niya. "Hindi pa naman ako ganoon kadesperadong magka-boyfriend, ano?"

"Hey!" Hinawakan siya nito sa braso at pilit pinaupo. "Pag-isipan mo, Relena. Kung hindi umubra, maghiwalay tayo."

Napaisip naman siya. Parang experiment, ganoon? O fling kaya? Why not? Tutal unti-unti na rin namang nagiging liberated ang society pagdating sa sex and relationships. Isa pa, nasa tamang edad na siya para magdesisyon para sa sarili.

"Kelan ko malalaman ang sagot mo?" pakli ni Nathaniel.

Hindi siya sigurado kung gusto nga niyang patulan ang panukala nito. "Pag-iispan ko pa," nasabi niya.

---

"Kelan pa?" tanong ni Nathaniel ukol sa sinabi sa kanya ni Relena na paglipat nito sa isang apartment sa mismong bayan. Kausap niya ngayong gabi ang dalaga sa cellphone.

"Kahapon lang," anito sa kabilang linya.

"Bakit hindi mo sinabi sa akin para natulungan naman kita sa paghahakot mo ng gamit?"

"Tinulungan ako ni Daryll."

Natigilan siya. "Daryll?"

"Iyong boss ko. Iyong may-ari ng *MF Luder*."

Si Daryll kaya ang posibleng dahilan kaya tila ayaw ni Relena ang makipagrelasyon sa kanya? Sampung araw na mula nang alukin niya ito ngunit wala pa siyang nakukuhang konkretong kasagutan mula dito. "Nanliligaw ba sa 'yo ang boss mo?" usisa niya.

"Of course not!"

"S-sige." Pinilit niyang huwag nang kulitin pa ang babae tungkol sa proposal niya. "Gabi na, naistorbo pa yata kita."

"Hindi naman…"

"Sige, Relena. Matulog ka na."

Pabagsak siyang nahiga sa kanyang kama pagkasara ng cellphone.

Mahirap din palang unawain ang mga kabaro

ni Eba, nasaisip ni Nathaniel.

Ayaw lang ba ni Relena ang makipagrelasyon sa kanya o siya mismo ang inaayawan nito?

He had slept with several women and yet, hindi pa niya nasusubukang matali sa isang relasyon. And somehow, gusto na rin niyang maranasan iyon. Hindi naman dahil naiinggit siya sa pagpapakasal ni Jeric. The idea of having a serious girlfriend just popped out of his head nang makita niyang naghihimutok si Relena sa kasal ng pinsan nito.

Instantly, right there and then … he wanted her to be his. Pero mukhang mahihirapan yata siyang gawin iyon.

---

"A-ano'ng ginagawa mo dito?" gulat na tanong ni Relena sa binatang napagbuksan ng pinto sa kanyang apartment.

"Hindi ba halata?" balik-tanong ni Nathaniel sabay abot sa kanya ng isang bouquet ng mga pulang rosas at isang heart-shaped box ng imported chocolates.

Nag-aatubiling inabot niya ang mga iyon.

"A-ahm, hindi mo ba ako patutuluyin?" pakli ni

Nathaniel.

"T-tuloy ka," tila natatarantang sabi niya. Marahan niyang isinara ang pinto pagkapasok nito. Itinuro niya ang sofa. "Maupo ka. G-gusto mo ng kape?"

"Hindi, salamat," tanggi nito na bahagyang iginala ang paningin sa loob ng maliit na salas. "O, tatayo ka na lang ba diyan?" puna nito sa kanya nang mapansing para siyang itinulos na kawayan sa harapan ng kinauupuan nitong sofa.

Para siyang robot na naupo sa armchair ng sofa. Inilapag niya ang mga bulaklak at tsokolate sa center table. Ilang saglit pa ang nakalipas bago siya nakapaghabi ng dialogue. "A-are you really serious about your proposal, Nathaniel?"

"Sa lahat ng hindi ko alam gawin ay ang magbiro, Relena. Oo, gusto ko talagang magkaroon tayo ng relasyon."

"P-pero, bakit ako? I mean—"

"I like you," pag-amin nito.

Pinigilan ni Relena ang kiligin. *Yeah right! Everybody likes me!* sarcastic niyang palatak sa loob-loob. Pinigil niya ang napipintong pagkagusot ng

mukha. “Itong relasyon na sinasabi mo, paano ba ang magiging set-up natin kung saka-sakali?” naisip na lang niyang itanong.

Parang nagliwanag naman bigla ang mukha ni Nathaniel. “Ikaw, kung anong rules ang gusto mong i-implement.”

Natawa siya. “Pareho yata tayong walang alam kung ano itong pinapasukan natin, Nathaniel.”

“Kaya nga natin susubukan, hindi ba? Hindi man gumana, at least we’ll learn something na puwede nating magamit sa susunod na magkaroon tayo ng relasyon sa iba.”

“Sa palagay ko’y tama ka diyan. What if…” Parang nahiya yata siyang ituloy ang gustong sabihin.

“What if we fall in love?” salo naman ni Nathaniel.

Nagkatitigan sila sa mata.

“Ayaw mo ba n’on?” anang lalaki.

Ikinamangha niya ang narinig.

Halatang nadismaya naman ito. “Talaga bang hindi ako papasa sa pamantayan mo?”

“N-no!” maagap niyang sagot. “Hindi naman sa

ganoon, Nathaniel."

"Then give me a chance. I mean, us. Okay, kung kailangang ligawan kita, suyuin, gagawin ko."

Huminga siya nang malalim. "Nagmamadali ka ba?"

Parang nabuhayan ng loob ang kausap. "Hindi naman. Pero huwag mo naman sanang hintayin pa ang apo ni George Bush para maging presidente ng US bago mo ako sagutin."

Napangiti siya.

And to her surprise, ngumiti pabalik si Nathaniel.

A wide smile na madalang lang kung gumuhit sa mga labi nito.

Si Nathaniel na yata ang nakilala niyang pinaka-supladong lalaki sa buong mundo. Laging naka-pormal ang mukha nito. Ngumiti man minsan ay napakatipid. Tulad na lang ng mga ngiti nito sa mga litratong kuha nila sa kasal ni Jeric.

"Ayaw mo ba talaga ng kape?" pagkuwan ay tanong ni Relena

Ngumiti muli si Nathaniel. "Hindi kasi ako umiinom ng kapeng tinimpla ng iba. Pero sige,

titikman ko ang timpla mo.”

# 3

"Anak ng...!"

Isinubo ni Nathaniel ang hintuturo ng kaliwang kamay. Natusok kasi iyon ng karayom habang tinatahi niya ang natastas na pundilyo ng P.E. shorts ng pamangking si Rowan.

Pumasok ng bahay ang magwawalong taong gulang na batang lalaki. "Di pa ba tapos 'yan, Tito?" sita nito.

"Sandali lang naman!" medyo banas niyang sagot. "Tatlong beses na akong natutusok dito, eh."

"Kung bakit ba naman kasi ngayon pa nabasag ni Lola ang salamin niya sa mata!" angal ni Rowan. "'Tapos, day-off pa ni Yaya!"

Walang imik niyang ipinagpatuloy ang ginagawa.

Kung hindi lamang namatay sa panganganak kay Rowan ang ina nito ay hindi sana siya ang nananahi ngayon. Masyado namang busy sa kanilang welding shop si William, ang ama ni Rowan. Halos wala na nga itong panahon sa bata na naging daan naman para maging close silang mag-uncle kahit madalas

silang magkaasaran.

"O, hayan," aniya nang matapos sa pananahi. "Ingat-ingatan mo naman kasi ang mga gamit mo. Kung bakit kasi hindi dalawang P.E. shorts ang binili mo para may reserba ka."

"Eh, next month pa raw darating ang dagdag na P.E. uniforms namin. Saka Tito, di naman kita iistorbohin kung hindi ko lang kailangan 'to bukas." Isinampay nito ang asul na shorts sa sandalan ng sofa saka ito naupo sa sahig paharap sa TV.

"Tito," pakli ni Rowan mayamaya. "Ikaw na nga ang maghanap ng English tutor para sa akin."

"Hayaan mo, magtatanung-tanong ako sa staff ko," sabi na lang niya saka binuksan ang TV.

"Tito..."

"Bakit na naman?" iritadong sabi ni Nathaniel habang nanonood ng tennis match sa TV.

"Ba't hindi ka na napupunta lagi ng Maynila? Break na ba kayo ng girlfriend mo doon, ha?"

Napatingin siya sa pamangkin. "Wala akong girlfriend doon!"

Binalewala ng bata ang pagkainis niya dito.

“Tito, kelan ka kaya mag-uuwi ng girlfriend dito?”

“Hayaan mo, malapit na,” nasabi niya na lang upang tumahimik na ang pamangkin.

Naisip niya bigla si Relena. His family would surely love her. Hindi man sila naging magkaibigan noong high school ay sigurado siyang maganda ang ugali ng dalaga. Marami kasi itong naging kaibigan sa kanilang campus ngunit hindi siya naging isa sa mga iyon na hindi na niya ipinagtaka. Hindi naman kasi siya friendly na tao. Mga teammates niya lang sa baseball ang naging barkada niya noon. At tanging si Jeric lamang ang naging malapit sa kanya. Ito lang kasi ang nakakasakay sa init ng kanyang ulo.

---

Napaangat ang ulo ni Relena mula sa pinag-aaralang sales inventory nang may tumawag sa kanyang pangalan.

Kaagad niyang nakilala ang lalaking may-ari ng boses. Maaari ba naman hindi, eh naging crush niya ito noong high school. Si Klyde de Castro.

“Kumusta na?” nakangiting bati nito sa kanya.

Lalo yatang gumuwapo ang loko!

“Heto...” aniya sabay ngiti. “Kelan ka pa

dumating?" tanong niya naman sa lalaki. Balita niya ay sa Singapore na ito naka-base at nagtatrabaho sa isang IT company doon.

"Last week lang," sagot nito. "Tamang-tama naman ang dating ko para sa alumni homecoming natin." Mabilis nitong pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya. "Alam mo, cute ka pa rin. Parang hindi ka tumanda!"

Cute. Hindi siya natuwa sa papuring iyon ni Klyde. Para sa kanya ay sa mga animals lamang ginagamit ang adjective na 'cute'.

"So, magkita na lang tayo sa school, okay?" anang lalaki.

"Oo, sige."

Lumapit sa kanya si Margot, ang customer assistant na ka-close niya nang husto. Halos mabali ang leeg nito sa pagtanaw sa papalayong si Klyde. "Guwapo naman n'on!" palatak nito.

"Campus heartthrob 'yan noong high school kami," pagmamalaki naman niya.

"Ay talaga? Pero mas guwapo yata iyong lalaking kausap mo rin dito noong isang araw."

"Sinong lalaki?" Iyong kayang sales agent ng

mga libro? O ang delivery boy ng mga office supplies?

"Iyon bang moreno, matangkad, malapad ang dibdib at may kissable lips!" kinikilig na paglalarawan ni Margot. "Kaso mukhang supladito."

Si Nathaniel. Oo, si Nathaniel nga pala ang kausap niya noong isang araw dito sa *MF Luder*. Dinalhan siya nito ng packed lunch na luto raw ng mama nito.

"Ang lagkit makatingin sa 'yo, ah. Nanliligaw ba sa 'yo ang poging 'yun?" usisa ni Margot.

Mag-iisang buwan na rin palang 'nanunuyo' si Nathaniel sa kanya. Bakit ba hindi niya ito mabasted-basted?

Umaandar na naman kasi ang kabaitan niya. Sa lahat kasi ng ayaw niyang gawin ay ang mangdismaya ng kapwa-tao.

Sagutin niya na lang kaya si Nathaniel?

Oo nga, bakit hindi? Okay nga iyon para hindi na siya makantiyawan ng mga dating kabarkada niya sa high school. Mayroon na siyang maihaharap na 'boyfriend' sa mga ito sa darating na alumni homecoming.

"Manliligaw mo ba 'ka ko ang poging iyon?"

pukaw ni Margot.

Alangin siyang napangiti. “Hmm, parang ganoon na nga.”

“Aba’y sunggaban mo na!” bulalas nito. “Susmaryosep naman, Rena! Hindi dapat pinapalampas ang mga lalaking ganoon katikas!”

Pabiro siyang umirap dito. “Kung magsalita ka naman diyan ay parang nauubusan na ako ng lalaki sa mundo.”

“Hindi naman sa ganoon, ‘no? Ang sa akin lang, sayang naman kung sa iba pa mapupunta ang katawang iyon. Di ba, ang sarap niyang tingnan?” parang nahahayok na ani Margot.

“Gaga!” Tumawa siya.

“No kidding! Alam mo, willing akong magbayad ng kahit fifty thousand, matikman lang ang lalaking iyon.”

Nanlaki ang mga mata ni Relena. “Pilya ka talaga!” Tumawa ulit siya, mas malakas. “At saan ka naman kaya kukuha ng ganoon kalaking halaga, aber? Eh, hindi na nga magkasya-kasya iyang suweldo mo diyan pa lang sa mga luho mo sa katawan.”

"Isasanla ko ang bahay at lupa namin."

"Gaga ka talaga!"

"Ano nga pala'ng pangalan n'on?"

"Nathaniel Guevarra."

"Hmm, Papa Nathaniel." Kinurot siya nito nang pinung-pino sa tagiliran. "Balitaan mo ako pag sinagot mo na siya, ha? Eh, kung ayaw mo naman sa kanya, puwede mo siyang ipasa sa akin. Tatanggapin ko siya with open arms and open legs!"

"Heh! Diyan ka na ngang malandi ka!" aniya kay Margot. Kinuha niya ang bag sa locker bago siya tumuloy sa CR.

---

Walang karanasan sa panliligaw si Nathaniel. Ginagaya na lamang niya ang mga usual bulok style ng panliligaw ng mga lalaking gustong magka-girlfriend.

Hindi niya alam kung effective nga ba ang ginagawa niyang 'panliligaw' kay Relena. Sinabihan pa nga siya nitong baduy daw ang pamamaraan niya. Pero hindi ba dapat ay 'romantic' ang tawag doon?

Anak ng kamote! Ngayon lang siya nangulit nang ganito katindi. At naghihintay nang ganito katagal. Pero nakapagtatakang wala naman siyang maramdamang pagkainis. He was even enjoying the whole process. He found it cute kung nag-aatubiling tanggapin ni Relena ang mga ibinibigay niya. Natutuwa rin siya tuwing natataranta ito sa mga surprise visits niya. Oo, minsan ay dumalaw siya sa apartment nito nang alas seis ng umaga. Halatang kababangon lang nito at naka-pyjamas pa nang silipin niya sa pinto.

Para daw siyang lindol, unpredictable ang pag-atake.

At ngayon ay bibisita na naman siya kay Relena nang walang pasabi. Tanghaling-tapat. Day-off ngayon ng dalaga. Sinamantala niya naman ang kanyang lunch break upang puntahan ito sa apartment nito.

"N-Nathaniel?" namutawi sa bibig nito pagkakita sa kanya. Naka-khaki shorts ito at hapit sa katawan ang suot nitong tank top na kulay mint green.

*Sexy rin pala si Relena*, he noticed. Sa pang-itaas na suot nito ay napansin niyang she had rounded and full breasts. Maganda rin ang hubog ng legs nito, makinis at may kaputian.

"Wala akong bitbit ngayon," aniya. "Ayoko na kasing bansagan mo na naman akong baduy!"

"Masyado mo naman kasing kina-career ang panliligaw, 'no?" nakatawa nitong sabi. "Kumain ka na ba?"

"Hindi pa."

"Saluhan mo na ako kung ganoon." She tucked her hair behind her ear. "Pagpasensyahan mo na lang ang ulam."

Tumuloy sila sa kusina.

Mabibilis ang bawat kilos ni Relena habang inihahanda nito ang lunch nila. He just couldn't help but watch her in delight habang nakaupo siya sa harapan ng mesa. Parang expert na expert ito sa ginagawa. Mabilis ngunit maingat nitong nailalapag sa mesa ang mga baso't pinggan. Halos wala pa ngang ingay.

Nilagyan pa nito ng kanin ang plato niya. "O, kain na."

Adobong manok at corn soup na may dahon ng ampalaya ang ulam.

Sa kalagitnaan ng pagkain ni Nathaniel ay naisip niyang masuwerte ang mapapangasawa ng dalaga.

Si Relena naman, sa isang banda, ay hindi mapakali. Hindi niya alam kung paano uumpisahan ang nais sabihin.

“Ah, Nathaniel…” pasakalye niya mayamaya.

“Yes?” Uminom ito ng tubig.

“Iyong tungkol sa…” Nakaramdam siya ng hiya. Baka isipin ni Nathaniel na siya na itong interesadong pag-usapan ang proposal nito.

“Sasagutin mo na ako?” kaswal lang nitong tanong.

Tumango siya.

Nagulat pa yata ang binata. “Sigurado ka?”

“Oo naman.”

“Well, that’s great!” nakangiting sabi ni Nathaniel.

# 4

First date nila ni Nathaniel at na-late ng almost one hour si Relena sa kanilang tagpuan sa loob ng mall. Atubiling lumapit siya sa lalaki.

“H-hi. I’m sorry—”

“Okay lang.”

Ngunit sa tingin niya ay madilim ang mukha ng lalaki. “Nagkaproblema lang kasi kanina sa inventory kaya—”

“I said it’s okay,” putol nito sa paliwanag niya sana. “Sinabi mo na kanina ang rason mo sa text, di ba?”

Pinili niya ang manahimik. Ayaw niyang salubungin ang init ng ulo ni Nathaniel. Baka kasi mauwi pa sila sa pagtatalo. Medyo mainit din kasi ang ulo niya dahil sa maling pag-i-inventory ng mga tauhan niya.

Pumasok sila sa isang restaurant. Naghari ang katahimikan habang sila ay kumakain.

Hindi na nakatiis si Relena. “Galit ka ba?” mahinang tanong niya sa binata.

"Hindi."

Hindi na siya nagsalita pa.

Matapos silang naghapunan ay nanood sila ng sine. Natapos ang date na wala silang napag-usapang anuman.

"S-sige," matamlay na paalam ni Relena nang makababa siya mula sa pagkakaangkas sa motorsiklo ni Nathaniel. Tumalikod na siya dito.

"Relena, s-sandali," pigil sa kanya nito nang hahakbang na sana siya papuntang porch ng tinutuluyan.

Marahan siyang lumingon.

"I'm sorry," anito. "Medyo mainit lang kasi ang ulo ko kanina. May problema kasi sa shop kanina."

Hindi niya napigil ang mapailing. "First date natin and yet, hinayaan nating okupahin ito ng mga trabaho natin."

"Babawi tayo next time," parang puno ng assurance na sabi ng lalaki.

Nagduda na siya kung mangyayari pa nga iyon. "Yeah, next time," sabi na lang niya para hindi madismaya si Nathaniel.

"Paano, aalis na ako," paalam nito. "Lock your doors."

Tumango lang si Relena.

Inilapat niya ang likod sa pintuan ng apartment matapos niyang maisara iyon. "This is not good," naibulong niya.

---

Marami nang tao nang sapitin nina Nathaniel at Relena ang quadrangle ng *San Mateo National High School* para sa alumni homecoming nila. Hawak-hawak siya sa kamay ng lalaki habang naghahanap ng bakanteng mesa.

"Nathaniel! Rena!"

Sabay silang napalingon sa pinanggalingan ng boses.

Si Jeric.

*Oh no!* Nabigla si Relena. Huling-huli ng pinsan na magka-holding-hands sila ni Nathaniel. Ano ang sasabihin niya kay Jeric? Wala pa naman siyang balak ipaalam dito ang anumang mayroon sila ni Nathaniel ngayon.

Pasimple siyang bumitiw sa kamay ng katabi.

"W-what are you doing here?" Hindi maitago ang pagkatarantang naitanong niya sa pinsan nang makalapit ito sa kanila.

Ngumisi si Jeric. "Sa pagkakaalam ko'y sabay-sabay tayong naka-graduate sa school na ito eleven years ago!" Makahulugang nagpalipat-lipat ito ng tingin sa kanila ni Nathaniel.

"Di ba sabi mo sa text na di ka makakarating?" sita niya.

"Um-absent ako sa trabaho. Hindi ko kasi pala maatim na indyanin ang beloved Alma Mater natin."

Sumingit si Nathaniel. "Ang misis mo?"

"Nagpaiwan," tugon ni Jeric. "Naglilihi na kasi, baka raw mahilo sa biyahe." Lumapad ang pagkakangisi nito. "Ano iyong nakita ko kanina, ha?"

Walang sumagot sa kanila ni Nathaniel.

Nangulit si Jeric. "Kayo na ba, ha?"

Nagsalita si Nathaniel. "Bakit, aangal ka?"

Napamulagat si Jeric. "T-talaga?!"

Umakbay si Nathaniel kay Relena.

"Rena, totoo ba?" panlilinaw ni Jeric sa pinsan.

Tumango si Relena, medyo nag-aatubili pa.

Napasuntok sa hangin si Jeric. Binigyan nito ng mahinang suntok ang sikmura ni Nathaniel. "'Tol, nanganganib palang mabahiran ng kamandag mo ang angkan namin!" biro nito.

Naghanap silang tatlo ng mauupuan. Hawak ulit ni Nathaniel ang kamay ni Relena.

Natanaw naman ng dalaga ang apat sa mga dating kabarkada na nag-uumpukan sa isang mesa. Kumaway ang mga ito sa kanya.

"You want to join them?" tanong sa kanya ni Nathaniel na inilapit pa ang bibig sa tainga niya dahil sa lakas ng music na nanggagaling sa mga higanteng speakers na nasa tabi nila.

Muli siyang napatingin sa mesa ng mga kaibigan. "Mamaya na lang," sagot niya.

Hanggang sa makaupo sila ay pinagtitinginan sila ng mga dating kaklase. They were a perfect couple.

Palihim niyang sinipat ang kabuuan ng lalaki. Yes, he was indeed handsome. He had the most expressive eyes she had ever seen. Isang pares ng mga matang walang pakialam sa anuman, maipakita

lamang ang saloobin. Maganda ang ilong nito, ang hugis ng jaw, ang mga labi. At sa bibihirang pagngiti nito, napansin din niyang mapuputi at pantay-pantay ang mga ngipin nito.

Marami nga rin palang nagkaka-crush dito noong high school sila, hindi nga lang kasindami ng may gusto kay Klyde de Casto.

Tama si Margot, mas guwapo nga si Nathaniel kay Klyde kung susuriing maigi. Mas nakakalamang lang ng pogi points si Klyde dahil palangiti ito at friendly. At dahil nga nuknukan ng pagkasuplado si Nathaniel, hindi makapagpa-charming ang mga may crush dito noon kaya 'lumilipat' na lang sila kay Klyde.

Mayamaya ay nagsisilapitan sa mesa nila ang mga dating teammates nina Nathaniel at Jeric sa baseball.

Walang imik si Relena habang nagkakamustahan ang mga kalalakihan. Nagulat na lang siya nang tapikin ng isa sa mga ito ang likod niya.

"Ikaw lang pala ang makakasilo sa mailap na puso ni Guevarra!" biro nito sa kanya.

Nagpakawala siya ng isang pilit na ngiti. Hindi siya natuwa sa narinig. Ni hindi niya magawang

tumingin sa mga mukha ng mga kausap nina Nathaniel at Jeric. Ayaw niyang makita sa mga ito ang reaksyong naka-plaster kanina sa mukha ng mga dating kaibigan niya. Baka hindi niya kayanin at mag-walkout siya.

"O, sumayaw naman kayo," sulsol ni Jeric sa kanila ni Nathaniel nang magpalit ng mellow music ang sound system.

Tumingin  sa kanya si Nathaniel. Kaagad niya namang nakuha ang ibig ipahiwatig ng mga mata nito. Marahan siya nitong hinila sa kamay para igiya patungo sa dance floor.

---

"Is there something wrong?" nag-aalalang tanong ni Nathaniel kay Relena nang mapansin niyang nakayuko ang dalaga at tila isang istatwang kasayaw niya.

"W-wala," mahinang sagot nito.

"Nagugutom ka na ba? Ikukuha kita ng pagkain," prisinta niya saka siya tumingin sa buffet table.

Napatda siya sa di-inaasahang nahagilap ng kanyang mga mata. And to his surprise, nakatingin din ito sa kanya.

Faye. Yes, it was Valerie Faye Deogracias standing beside the dessert table holding a salad cup.

“Nathaniel, gusto ko nang maupo,” ani Relena.

Ngunit tila hindi man lamang naulinigan ni Nathaniel ang sinabi nito. Nag-angat ng ulo ang dalaga at sinundan ang direksyon ng mga mata ni Nathaniel.

Kaagad nakilala ni Relena si Faye.

Kabilang ito sa mga sinundan nilang batch sa *San Mateo National High School*. She was one of the most popular students in their campus. Maganda ito at matalino. Aktibo rin ito sa mga school activities. Magaling itong sumayaw at kumanta kaya lagi itong may papel sa mga pagdiriwang ng paaralan nila noon.

“Nathaniel!” pukaw ni Relena sa lalaking tila natuklaw ng ahas.

“U-uh, may sinasabi ka ba?”

“Gusto ko nang umupo.”

Wala na sa mesa nila ang mga dating baseball players nang bumalik sila roon. Kumakain na si Jeric. Mayroon na rin itong kinuhang pagkain para sa kanilang dalawa.

Nakaupo na sila ay sa buffet table pa rin nakatingin si Nathaniel. At nasisiguro ni Jeric na hindi mga pagkain ang tinatanaw roon ng kaibigan.

"Halika," yaya nito kay Nathaniel. "Lapitan natin siya."

"H-huwag na," tanggi ng kaibigan.

"Sige, ako na lang kung ganoon." At mabilis na tumayo si Jeric at lumapit sa kinaroroonan ni Faye.

Habang kumakain ay pasulyap-sulyap si Nathaniel kina Jeric at Faye na mukhang masayang nagkakamustahan.

---

"H-hi," kiming bati ni Faye nang makalapit ito sa mesa nina Nathaniel at Relena.

Naiwan sa dessert table si Jeric at inumpisahang tikman isa-isa ang mga nakahain doon.

"Upo ka," alok ni Nathaniel sa babae.

"Relena Adriatico, di ba?" nakangiting baling ni Faye sa dalaga saka ito umupo.

Tumango lang ang dalaga.

Bumaling naman kaagad muli si Faye sa lalaki.

"Sabi sa akin ni Jeric, gusto mo raw akong isayaw noong debut ko pero naunahan ka ng hiya."

Hindi nakaimik si Nathaniel, napalis ang ngiti niya sa labi.

Si Relena ay nakamata lamang sa dalawa, clueless sa takbo ng conversation nila.

"Gusto mo pa ba akong isayaw, Nathaniel?" pakli ni Faye.

"Oo," ani Nathaniel. Tumingin siya kay Relena.

Tumango ito sa kanya at ngumiti kay Faye.

Pumagitna sina Nathaniel at Faye sa dance floor. Sa una ay nagkakahiyaan pa silang mag-usap. Hanggang sa nauwi sa kwentuhan ang kamustahan. At hindi na nila namamalayang nakakatatlong sunod na sweet music na sila.

---

Lumipat kay Relena ang dalawa sa mga barkada niya noong high school.

"Nice catch, Rena!" nakangiting bungad ni Michie. Natatandaan ni Relena na isa ito sa mga may crush noon kay Nathaniel Guevarra.

"Goodness!" palatak naman ni Joyce, na

kabaliktaran ni Michie na asar na asar ito sa pag-uugali ni Nathaniel. “Sino’ng mag-aakalang magiging boyfriend mo pala si supladong pitcher?”

She felt the sudden need to be defensive. “G-guys, it’s not what you think, okay? Lumalabas lang kami ni Nathaniel.”

“Syempre doon na rin kayo papunta, ano? Sandamakmak ka namang tanga kung pakakawalan mo pa ‘yan!” ani Michie.

Umarko naman ang isang kilay ni Joyce nang matanaw ang topic nilang may kasayaw na isang babae. “Sino iyon?’

“Si Valerie Faye Deogracias, remember?” sagot ni Michie. “Iyong president noon ng glee club. Ahead siya sa atin ng dalawang taon. Magkabarangay sila dati ni Nathaniel.”

“Bilib na ako sa talas ng memorya mo,” ani Joyce.

“Ang balita ko noon, matapos makapag-asawa ulit ang biyudang madir ni Faye ay umalis silang mag-ina sa San Mateo at nag-relocate sa Baguio City,” hirit pa ni Michie.

“Anlakas talaga ng radar mo!” bulalas ni Joyce.

Tumayo si Relena. “Nasaan na ba ang mga iba sa inyo, ha?” tanong niya sa dalawa at iginala ang paningin sa paligid ng quadrangle.

Sinuyod nilang tatlo ang venue ng alumni homecoming at hinagilap isa-isa ang mga dating kabarkada nila. Nagtipon-tipon sila at masayang binalikan ang alaala ng magulo nilang high school life.

Umugong ang kantiyawan sa grupo nang lumapit sa kanya si Nathaniel. At sa gulat niya ay ngumiti ito sa kanila. Nakihalo rin ito sa usapan.

Hindi naman siya makasingit sa pagsasalita. Lalo pa at kay Nathaniel lahat nakatingin ang mga babaeng kaibigan niya.

Mayamaya ay inakbayan siya nito. “You don’t look too well,” bulong nito sa tainga niya.

Naisip niya, mas mabuti sigurong umuwi na siya. Sumasakit na rin kasi ang ulo niya.

---

Hindi na pinapasok ni Relena si Nathaniel pagkahatid nito sa kanya sa apartment.

“Puwede ka pa namang bumalik doon,” suhestyon niya sa lalaki. “Maaga pa.”

Iba ang sagot nito. “May dinaramdam ka ba, Relena?”

Ipinilig niya ang ulo. “N-Nathaniel, I think this is not working,” mahinang sabi niya.

“Ano’ng ibig mong sabihin?” kunot-noong tanong nito.

“H-hindi ko na yata kayang ipagpatuloy pa natin ang relasyong ito,” pagtatapat niya. Kanina pa niya pinag-iisipan ang tungkol sa balak niyang maagang pakikipagkalas.

“Relena, four days pa lang tayong mag-on.”

*Iyon nga, eh!* sigaw ng isip niya. *Four days pa lang tayong mag-on, pero hindi ko na gusto ang nararamdaman ko.* Pinipilit pa rin niyang pigilan ang paninibughong naramdaman nang makipagsayaw ito kay Faye kanina.

“Itigil na natin ito, Nathaniel,” sa halip ay pakiusap niya.

“Hindi,” matigas na tanggi nito.

“Pero—”

“Don’t give up on me, Relena.”

Mataman niyang tinitigan ang binata sa mukha

nito. Nakikiusap ang tingin nito sa kanya.

"O-okay," pagpayag niya.

Niyakap siya nito bigla. "Salamat," bulong nito.

"Sige na," aniya nang maghiwalay ang mga katawan nila.

Hinaplos nito ang pisngi niya, sinalat rin pati ang kanyang noo. "You really don't look well."

"Masakit lang ang ulo ko."

May naaninag siyang pag-aalala sa mga mata nito. "May aspirin o paracetamol ka ba diyan?"

"I'll be fine, Nathaniel. Sige na, maaari ka nang umalis."

"Tawagan mo ako kung may kailangan ka, okay?"

Tumango siya.

"Mag-lock ka ng pinto," paalala pa nito bago sumakay ng motorsiklo.

---

Kinabukasan bago bumalik si Jeric sa Maynila ay nagkayayaan sila ni Nathaniel na mag-inuman sa isang videoke bar sa bayan.

"Girlfriend mo ba talaga ang pinsan ko?" tila may pagdududa pa ring tanong ni Jeric sa kaibigan.

"Gusto ko ang pinsan mo. Ano pa bang pruweba ang kailangan mo?" medyo inis na balik-tanong ni Nathaniel.

Ngumisi si Jeric. "Kunsabagay, maganda talaga ang kalidad ng lahi namin!" pagmamayabang nito. "Pero paano na si Faye, pare?"

Napakamot siya sa sintido. "Paanong nasingit sa usapan si Faye?" Nababanas na talaga siya sa kaibigan.

Sumeryoso naman bigla si Jeric. "Alam ba ni Rena ang tungkol sa inyo ni Faye?"

"Wala kaming naging relasyon ni Faye at alam mo 'yan," diin niya.

"Fine." Inubos nito ang laman ng bote ng beer. "Usapang lalaki lang sana, 'tol," anito matapos magpahid ng bibig. "Ayoko sanang saktan mo ang pinsan ko."

"Hindi ko siya sasaktan."

"Huwag na huwag mo siyang paiiyakin."

"Hindi ko siya paiiyakin."

"Naniniguro lang ako para sa pinsan ko. Ayaw ko siyang naaagrabyado ng kahit na sino. Nathaniel, kakalimutan ko ang lahat ng pinagsamahan natin oras na malaman kong inaagrabyado mo si Rena. Remember, 'tol, blood is thicker than water."

"Hindi ko siya aagrabyaduhin."

"Sinasabi ko sa 'yo, kahit mas malaki ka sa akin, kaya pa rin kitang patumbahin pag niloko mo ang pinsan ko."

"Tinatakot mo ba ako?"

"Pinuprotektahan ko lang si Rena."

Naisip niyang sakyan na lang ang mga pinagsasasabi nito. Medyo napahanga kasi siya sa kaibigan. Ngayon niya lang ito nakitaan ng concern para sa ibang tao. Dati-rati ay ang sarili lamang ang iniintindi nito. "Hindi ko lolokohin ang pinsan mo, okay?"

Muling napangisi si Jeric. "Good. Mabuti na iyong nagkakalinawan tayo."

# 5

"Relena!"

Napaangat ng ulo ang dalaga mula sa binabasang document. Nakangiting lumapit sa kinaroroonan niya si Faye na may tangan na isang libro.

"Dito ka pala nagtatrabaho," anito.

"Hello," bati niya. "Kamusta ka na?"

"I'm fine," tugon nito. "Boyfriend mo pala si Nathaniel."

Hindi alam ni Relena ang sasabihin.

"He told me," anito.

Ngumiti siya. "Saan ka ngayon?"

"Nagtuturo ako dati sa isang private college sa Baguio. Pero dito na ulit ako sa San Mateo. Natanggap ang application ko sa state university natin dito."

"I'll be seeing you a lot then." Harap lang ng *MF Luder* ang unibersidad na tinutukoy ni Faye.

"Yeah."

"Saan ka nga pala naka-stay ngayon?"

"Sa dating bahay namin sa barangay Pandayan. Kalilipat ko nga lang doon the other day."

Pandayan. Alam niya ay doon din nakatira si Nathaniel.

"Malapit lang ba ang bahay n'yo kina Nathaniel?" di-naiwasang naitanong ni Relena.

"Sort of. Nasa iisang compound lang kasi kami. Good thing hindi pumayag noon ang mama ko na ibenta na lang ang bahay naming iyon. Kung nagkataon, mapipilitan akong mangupahan na lang dito."

"Ano nga palang subject ang itinuturo mo?"

"English."

May naalala siya. "Naghahanap nga pala ng English tutor si Nathaniel para sa pamangkin niya."

"Oh, yes. He already told me about it. Mag-uumpisa na nga ang session namin ni Rowan bukas."

"Ah, ganoon ba?"

Sumulyap ito sa wristwatch. "So, paano? I'll go ahead," paalam nito sa kanya.

"Okay. See you around!"

Palihim na pinagmasdan ni Relena si Faye habang nakapila ito sa counter.

Valerie Faye Deogracias was indeed very beautiful. Matangkad, maganda ang kurbada ng katawan. Long black hair. Fair skin. Matalino na, talented pa.

Girlfriend material ito. Iyong tipong ipinagmamalaki ng kahit na sinong lalaki.

Naaalala pa niyang maraming pumoporma kay Faye noon sa kanilang school pero wala siyang nabalitaang naging boyfriend nito.

Naintriga tuloy siya. Si Nathaniel kaya, hindi rin kaya nito tinangkang ligawan noon si Faye?

---

Palabas ng compound si Nathaniel nang mamataan niya si Faye. Naglilinis ito ng sariling bakuran.

Nilapitan niya ang babae. "Magandang umaga," bati niya.

"Nathaniel!" Nagpahid ito ng pawis sa noo. "Napadaan ka?"

"Gusto ko lang sanang kamustahin ang unang

linggo ng tutorial sessions mo sa pamangkin ko. Hindi ba siya masyadong pasaway?”

“Pasok ka kaya muna sa loob?” yaya nito.

Tipid siyang ngumiti. “Aalis din ako agad, Faye. Nadaan lang ako para kamustahin si Rowan.”

“Super kulit ng pamangkin mo. Alam mo, parang hindi siya nagmana sa daddy niya. Madali siyang mainip at mainis.”

Bigla siyang sumeryoso. “Faye, hanggang ngayon pa ba’y hindi mo pa rin nakakalimutan si Kuya?”

Hindi inaasahan ni Faye ang tanong niyang iyon. Kaagad itong nag-iwas ng tingin. “S-syempre, hindi ko siya makakalimutan, Nathaniel. Kahit naman ikaw, o ang Ate Natalie mo. Magkaibigan ang mga pamilya natin, di ba?”

“Alam mo kung ano ang ibig kong sabihin, Faye.”

“Nathaniel, mahabang panahon na ang lumipas. Lahat ay nagbabago sa pag-usad ng mga taon.”

“Hindi lahat.”

Biglang naghari ang katahimikan sa pagitan nila.

Si Nathaniel ang pumukaw niyon. "Aalis na ako," paalam niya.

"S-sige," halos pabulong na nasabi ng dalaga.

At sa pagtalikod niya dito ay napatunayan niyang may mga damdamin palang hindi kayang buwagin ng panahon.

---

Hindi matanto ni Nathaniel kung ano ang nasa isip ni Relena pagkakita nito sa binili niyang blouse para dito. Para kasing hindi nito iyon nagustuhan. Bahagyang nakangiwi ang mga labi nito at salubong pa mandin ang dalawang kilay.

"Y-you don't like it?" tanong niya dito nang ibinalik nito ang blouse sa paperbag.

"Hindi ako nagsusuot ng kulay pink, Nathaniel."

Nakaramdam siya ng pagkadismaya. Nagbabad pa naman siya sa ladies' section ng department store pagkatapos ay mabubutata lang pala ang napili niyang damit para ibigay kay Relena. "Akala ko kasi'y gusto n'yong mga babae ng kulay na iyan."

"Well, not me!" anito. Inilapag nito ang paperbag sa center table.

Hindi na siya nagkomento pa.

"Ano ba'ng okasyon? Bakit ka nagbibigay ng regalo?" tanong nito.

Parang nahahapong napasandal siya sa upuan. "May batas bang nagsasabing tuwing may okasyon lamang dapat magbigay ng regalo?"

Natahimik naman ang babae. Napansin yata ang paghihinampo niya. He was really having a hard time hiding his emotions. Hindi kasi marunong magsinungaling ang mga mata niya. Lagi na lang siyang ipinagkakanulo ng mga ito.

"Thank you sa blouse," tila bukal sa loob namang sinabi ni Relena.

Hindi siya kumibo.

Lumipat ito ng upuan, tumabi sa kanya sa sofa. "Hayaan mo, susuotin ko rin iyan isang araw," parang pang-aalo nito sa kanya.

Naging sapat naman iyon upang magliwanag ang mukha niya. "Ano ba kasi ang paborito mong kulay?"

"Green. All shades of it."

Green. He was expecting lilac or red. "Bakit

berde?" curious niyang naitanong.

"Malamig sa mata," anito saka bumulanghit ng tawa.

"O, ano'ng nakakatawa?" kunot-noong sita niya.

"Mag-iisang buwan na kasi tayo and yet, parang wala pa tayong alam tungkol sa isa't-isa."

Oo nga naman. Ni hindi niya pala alam pati ang petsa ng kaarawan ni Relena!

Umayos siya ng upo paharap sa dalaga. "I think, mapapatagal ako dito ngayong gabi. Marami tayong pag-uusapan."

Itinaas naman nito ang dalawang paa sa kinauupuan at humarap din sa kanya. "Pero hindi ba parang mas maganda at exciting kung hahayaan na lang nating unti-unti nating madiskubre ang mga detalye tungkol sa atin sa bawat pagdaan ng mga araw?"

Nagustuhan niya ang ideya nitong iyon. At gusto rin niya ang nakikitang magandang ngiting nakasilay sa mga labi nito. It made him want to stay longer with her tonight. "All right, ayos lang kung ayaw mong mag-interview-han tayo. Pero puwede bang dito na muna ako?"

"Oo naman, bakit hindi? Tutal ay maaga pa naman. Puwede tayong manood ng movie sa DVD."

"Puwedeng humingi ng isang pabor?"

"Sure. Ano 'yon?"

"Gusto ko kasi 'yung timpla mo ng coffee. Puwede bang ipagtimpla mo ako?"

Maliksi itong tumayo. "One coffee, coming up!"